

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka  $\frac{\quad}{15}$

## Pagpili ng Tamang Pantukoy

*Panuto:* Salungguhitan ang tamang **pantukoy** na bubuo sa pangungusap. Pumili sa mga pantukoy sa loob ng panaklong.

1. Magaganda (ang, ang mga, sina) bulaklak sa hardin.
2. (Si, Ni, Ang) Mang Jun ang hardinero namin.
3. (Ang mga, Nina, Sina) Mario at Manuel ay tumutulong sa kanya.
4. Inalay (ni, ang, si) Mang Jun ang mga rosas kay Aling Dina.
5. (Ang, Si, Nina) puno ng mangga ay may mga bunga na.
6. Si Ginang Sevilla ay binigyan (ni, sina, nina) Mang Jun at Mario ng mga mangga.
7. Nagpasalamat (ang, ni, si) Ginang Sevilla sa dalawa.
8. Nagtanim din ng mga gulay (ang mga, ang, sina) Mang Jun at Manuel.
9. (Ang, Ang mga, Nina) talong at kamatis sa basket ay galing sa hardin.
10. Gagamitin (ni, si, ang) Aling Dina ang mga gulay sa pagluluto ng hapunan nila.
11. Mahilig kumain ng gulay ang mga anak (ang mga, ni, nina) Mang Jun at Aling Dina.
12. Nakatutulong sa pag-iwas sa sakit (ni, sina, ang mga) gulay at prutas.
13. (Si, Ang, Ni) pinakbet ay ang paboritong pagkain (ni, ang, si) Mario.
14. Mahilig din magluto ng iba't-ibang gulay (ang, si, sina) Manuel.
15. Minsan ay ibinibenta nila (ang mga, ang, sina) gulay sa labas ng bahay.